


Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Agrikultura – Modyul 1, Aralin 1: “Abono Ko, Pahalagahan Mo!”



**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Agrikultura – Modyul 1.1: “Abono Ko, Pahalagahan Mo!”
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Juvy L. Ponferrada
Editor: Wilma S. Carreon, Gary B. Mosquito, Jenita D. Guino
Tagasuri: Medarlou A. Genoguin, Darnelene O. Solon
Tagalapat: Eugene S. Ignacio
Tagapamahala:
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin
Darnelene O. Solon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Regional No. VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) – 832 – 2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Agrikultura – Modyul 1.1: “Abono Ko, Pahalagahan Mo!”

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang paghahalaman ay isang kalugod-lugod na gawain lalo na kung malulusog ang tubo ng mga pananim. Maaaring palaguin ang mga halaman na walang gastos sa pamamagitan ng paggawa ng abonong organiko.

Kaibigan, ang modyul na ito ay naka pokus sa isang aralin:

Natatalakay ang kahalagahan at pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko (**EPP5AG-Ob-4**).

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang kaya mong:

- ❖ Talakayin ang kahalagahan at pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko.



Subukin

Ano-ano ang alam mo?

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong o pahayag at piliin ang tamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng kahalagahan sa paggawa ng abonong organiko?
 - A. Napabubuti ang hilatsa ng lupa gamit ang abonong organiko.
 - B. Napalalaki nang malusog ang mga pananim at hindi na kailangang bumili ng abonong komersiyal.
 - C. Napagaganda ang kapasidad ng lupa sa paghawak ng tubig.
 - D. Lahat ng nabanggit.
2. Kung walang bakanteng lupa o espasyo sa bakuran ng bahay, alin sa mga sumusunod ang puwede mong gamitin bilang *compost* o isang lalagyan ng mga tuyong dahon, balat ng prutas, gulay at mga tirang pagkain?
 - A. Lumang kariton.
 - B. Pinagpatong-patong na mga lumang gulong ng sasakyan.
 - C. Kahong gawa sa karton.
 - D. Maliit na balde.
3. Alin sa mga sumusunod na mga hakbang sa paggawa ng abonong organiko ang dapat unang gawin?
 - A. Ilagay ang mga natuyong dahon, nabulok na prutas, gulay, pagkain at iba pang nabubulok na bagay.
 - B. Araw-araw itong diligan. Lagyan ito ng kahit anumang pantakip.
 - C. Gumawa ng hukay na may isang metro ang lalim.
 - D. Ilagay o ilatag ang mga nabubulok na bagay hanggang umabot ng 12 pulgada o 30 sentemetro ang taas.
4. Ang mga sumusunod ay katangian ng lupang taglay ang abonong organiko maliban sa isa? Alin dito?

A. Maganda ang <i>texture</i> at bungkal (<i>tilt</i>)	C. Hindi mabilis matuyo
B. Malambot	D. Matigas
5. Gaano katagal bago magamit bilang pataba ang mga nabubulok na basura?

A. Dalawang araw	C. Dalawang oras
B. Dalawang linggo	D. Dalawang buwan

6. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang naglalarawan sa abonong organiko?
- A. Ang abonong organiko ay mula sa pinaghalong *urea* at sabon.
 - B. Ang abonong organiko ay mula sa pinaghalong asin, asukal at gatas.
 - C. Ang abonong organiko ay mula sa pinaghalong nabubulok na dahon, tirang pagkain, balat ng prutas, gulay at dumi ng hayop.
 - D. Ang abonong organiko ay mula sa pinaghalong karne ng baboy at gulay.
7. Ang mga sumusunod ay mga dahilan kung bakit kailangang dagdagan ng abonong organiko ang lupang taniman, maliban sa isa. Alin dito?
- A. Upang bigyan ng pagkain at sustansiya ang mga halaman.
 - B. Upang lumaking malusog at mamunga ng husto ang mga gulay.
 - C. Upang mapalitan ang mga nawawalang sustansiya ng lupa.
 - D. Upang dumami ang mga insekto sa lupa.
8. Ang *basket composting* ay:
- A. Paraan ng paggawa ng basket na yari sa yantok.
 - B. Paraan ng pagpapabulok ng mga basura sa isang lalagyan na tulad ng *compost pit*.
 - C. Paraan ng paglalagay ng mga halaman sa basket.
 - D. Wala sa nabanggit.
9. Isa sa mga paraan ng paggawa ng abonong organiko ay tinatawag na *Fermented Fruit Juice* o *FFJ*. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang naglalarawan dito?
- A. Ito ay mula sa pinaghalong *muscovado sugar* o kalamay at hinog na mga prutas na hindi maasim.
 - B. Ito ay mula sa mga nabubulok na mga dahon, tirang pagkain at dumi ng mga hayop.
 - C. Ito ay mula sa pinaghalong paminta, asin at isda.
 - D. Lahat ng nabanggit.
10. Ano ang tawag sa isang hukay o isang lalagyan kung saan pinagsama-sama ang mga nabubulok na mga dahon, prutas, gulay at mga tira-tirang pagkain?
- A. *compost*
 - B. *soil holder*
 - C. *nitrogen*
 - D. *rainwater collector*

Aralin

1

Abono Ko, Pahalagahan Mo!

Ang paggamit ng abonong organiko ay malaking bagay upang magkaroon ng masaganang ani ang isang magsasaka. Malaking tulong ito upang makatipid sa pagbili ng mga abonong di-organiko na makikita sa mga pamilihan. Ang abonong organiko ay madaling gawin gamit lamang ang mga bagay na makikita sa kalikasan at ito ay ligtas gamitin at walang masamang epekto sa kalusugan ng tao. Ito rin ay walang halong kemikal na maaaring magdulot ng pagkasira sa kalikasan.



Balikan

Maalaala mo kaya?

Sa nakaraang modyul ay napag-aralan ang tungkol sa pamamaraan ng pagtanim ng gulay. Pero bago tayo magpatuloy, maaaring sagutin muna ang sumusunod na gawain upang malaman mo kung gaano ka kagaling sa nakaraang aralin.

Panuto: Isulat ang titik **T** kung ang pangungusap ay naglalahad ng tamang pamamaraan ng pagpili ng itanim na gulay, at **M** naman kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Ang luwad (*loam soil*) ang pinakaangkop na uri ng lupa na maaaring pagtaniman ng mga halamang gulay.
2. Sumangguni sa kalendaryo ng pagtanim upang ang mga halamang itanim ay maiaangkop sa tamang panahon at klima.
3. Diligan ang mga pananim isang beses sa isang linggo.
4. Mahalagang maihanda ang tamang uri ng lupa bago magtanim ng halamang gulay.
5. Mayroong mga buto na maaaring itanim na makikita sa tindahan ng mga halaman na nakabalot at may sertipikasyon ng ahensiya ng pamahalaan.



Tuklasin

Ano ang mga bagay na kailangan mong tuklasin?

Kaibigan, sa araling ito ay kailangan mong maipamalas ang pang-unawa sa panimulang kaalaman at kasanayan sa pagtatanim ng gulay at ang maitutulong nito sa pag-unlad ng pamumuhay. Magiging maunlad ka sa paghahalaman kung masagana ang iyong ani. Para masagana ang iyong ani, dapat lumaking malusog ang iyong mga pananim. At upang lumaking malusog ang iyong mga pananim ay kailangan mong gumamit ng abonong organiko.

Mayroon ba kayong bakanteng lupa sa inyong bakuran? Nais mo bang magtanim ng sarili mong gulay? Hirap ka ba sa pagpapalaki ng iyong mga pananim?

Paano nga ba magkaroon ng maraming ani na hindi na kailangang bumili ng di-organikong abono? Upang masagot ang lahat ng mga katanungan, palawakin ang iyong kaalaman ukol sa modyul na ito, maaaring sagutin muna ang mga sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga hakbang sa paggawa ng *compost* sa isang espasyong lupa o lugar. Isulat ang tamang bilang (1-8). Gawin ito sa iyong kuwaderno.

_____ Ipunin ang mga natuyong dahon, bulok na gulay, prutas at mga tira- tirang pagkain.

_____ Ipatong dito ang mga dumi ng hayop.

_____ Gawin ang pagtambak hanggang mapuno ang hukay.

_____ Hintaying lumipas ang dalawang buwan o higit pa bago gamiting pataba.

_____ Diligan araw-araw. Lagyan ito ng kahit na anong bagay na maaaring gawing pantakip.

_____ Patungan itong muli ng lupa o apog.

_____ Sa hukay, ilagay o ilatag ang mga nabubulok na bagay hanggang umabot ng 12 pulgada o 30 sentemetro ang taas.

_____ Gumawa ng hukay na may isang metro ang lalim sa tuyong lugar, patag at medyo malayo sa mga kabahayan.



Suriin

Ano-ano ang mga bagay na kailangan mo pang malaman?

Mahalaga ba ang abonong organiko sa pagtatanim? Para malaman mo ang kasagutan, basahin ang mga sumusunod na pahayag upang matutuhan mo ang mga kahalagahan at pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko.

Dahil sa paulit-ulit na pagtatanim, maaaring maubos ang mga sustansiya sa lupang tinataniman. Kaya malaki ang ginagampanan ng abonong organiko sa usaping ito. Sa paglalagay ng abonong organiko sa lupa, napapalitan ang mga nawawalang sustansiya nito. Ginagawa ito upang patuloy na umusbong nang malusog ang mga pananim at makapagbigay ng masaganang ani upang makatulong sa pang araw-araw na pangangailangan.

Maraming uri ng abono ang naglipana sa pamilihan. Mayroong mga abono na di-organiko na madalas makikita sa mga tindahan pero iminumungkahing piliin ang organikong abono dahil ito ay ligtas gamitin at walang masamang epekto sa kalusugan ng tao. Ang paggamit ng abonong organiko ay hindi nangangailangan ng malaking halaga dahil ito ay ginagamitan lamang ng mga materyales na makikita sa bahay at kapaligiran. Sa paggawa nito, kinakailangan lamang ang ibayong pag-iingat at tamang pagsunod sa mga paraan ng paggawa upang maiwasan ang hindi kanais-nais na mga pangyayari.

Ang abonong organiko ay mula sa nabubulok na mga bagay tulad ng mga tira-tirang pagkain, balat ng prutas, gulay, tuyong dahon at dumi ng hayop. Tinitipon at inilalagay ito sa *compost* upang maging isang ganap na abono.

Ang paggawa ng abonong organiko ay kaaya-ayang gawain. Ito'y mahalaga sa paghahalaman dahil pinalalambot at pinapaganda nito ang hilatsa ng lupa, pinabubuti ang daloy ng hangin at kapasidad na humahawak ng tubig. Isa pang kahalagahan nito ay pinalalago ang mga halaman na walang gastos dahil hindi mo na kailangang bumili ng abonong komersiyal sa mga pamilihan. Dahil dito, makasisiguro tayong ligtas kainin ang mga halamang gulay. Ang abonong organiko ay napatunayang epektibo sa pagpapalago ng mga pananim at nakatutulong upang maiwasan ang pagkasira ng kapaligiran. Nakapagbibigay ito ng masaganang ani para sa mga magsasaka at ligtas pa ito sa kalusugan ng mga tao.

Isang paraan ng pagpapabulok ng mga basura sa isang lalagyan na tulad ng *compost pit* ay tinatawag na *basket composting*. Sa pamamagitan nito ang mga nabubulok na basura ay maaari nang gamiting pataba pagkaraan ng dalawang buwan o mahigit.

Ang paggawa ng *compost* ay napakadali. Basahin at sundin lamang ang mga sumusunod na mga paraan sa paggawa ng abonong organiko para sa mga may sapat na espasyo o lugar sa bakuran ng bahay;


1. Gumawa ng hukay na may isang metro ang lalim sa lugar na tuyo, patag at medyo malayo sa bahay.



2. Ipunin ang mga natuyong dahon, nabubulok na gulay, prutas at mga tirang pagkain.
3. Sa hukay, ilagay o ilatag ang mga nabubulok na bagay hanggang umabot ng 12 pulgada o 30 sentemetro ang taas.



4. Ipatong dito ng mga dumi ng hayop.



5. Patungan itong muli ng lupa o apog.
6. Gawin ang pagtambak hanggang mapuno ang hukay.
7. Araw-araw itong diligan. Lagyan ng kahit na anong uri ng pantakip.
8. Hintaying lumipas ang dalawang buwan o higit pa bago ito gamiting pataba.



Kung kayo naman ay walang sapat na lugar, puwedeng gumawa ng *compost* sa pamamagitan ng pagreresaykel ng lumang gulong ng sasakyan. Sundin ang mga sumusunod na paraan;

1. Pagpatung-patungin ang mga lumang gulong ng sasakyan.
2. Dito ilagay ang mga nabubulok na bagay tulad ng dahon, prutas, gulay at mga tirang pagkain.
3. Patungan o lagyan muli ng lupa at diligan.
4. Lagyan ng kahit na anong uri ng pantakip para hindi langawin.
5. Gawin ang pagtambak hanggang mapuno ang lalagyan.
6. Palipasin ang dalawang buwan o higit pa bago ito gamitin bilang pataba.

Isa pang makabagong pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko ay ang paggawa ng *Fermented Fruit Juice* o *FFJ*:

Mga kagamitan:

- Hinog na mangga, papaya, marang, langka, saging o kahit anong prutas na hindi maasim.
- *Manila paper*
- Banga, balde o anumang puwedeng paglagyan
- Tali o pantali
- *Muscovado Sugar* o kalamay

Pamamaraan sa paggawa:

1. Maghiwa ng isang kilong prutas.
2. Ilagay sa banga ang unang kalahati at patungan ng kalahating kilo ng muscovado.
3. Ipatong ang ikalawang kalahati ng prutas at patungan uli ng kalahating kilo ng muscovado.
4. Takpan ng papel at talian. Ilagay ito sa lugar na malamig at hindi nasisikatan ng araw.
5. Ito ay magagamit mula pito hanggang ikalabing-apat (7-14) na araw na ma *ferment*.

Paano gamitin ang *Fermented Fruit Juice* o *FFJ*?

1. Sa bawat litro ng tubig, ihalo ang dalawang kutsara ng *Fermented Fruit Juice* o *FFJ*. I -*spray* sa dahon o idilig sa lupa mula alas kwatro (4:00 PM) hanggang alas seis (6:00 PM) ng hapon.
2. Gawin ito mula pito hanggang sampung araw (7-10 days).

Mga pakinabang sa paggamit ng *Fermented Fruit Juice* o *FFJ*?

- Nagbibigay ito ng elementong *potassium (K)* para sa pagpapalaki ng bunga.
- Nagbibigay din ito ng karagdagang resistensiya laban sa insekto.
- Tumutulong ito sa pagpapataba ng lupa at tanim.



Pagyamanin

Subukan ang iyong nalalaman!

Panuto: Isulat ang tsek (✓) kung totoo ang kaisipan, at ekis (✗) naman kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Nagagawang pataba ang mga pinagbalatan ng prutas.
2. Ang halamang gulay na hindi sapat ang pag-aalaga ay malago, mataba at buhay na buhay.
3. Kapag masustansiya ang lupa, maaasahang mabilis na mamamatay ang halamang bagong lipat.
4. Kung patuloy na lumalaking malusog at nagbibigay ng magandang ani ang mga pananim, ito ay makatutulong sa pag-unlad ng pamumuhay.
5. Madaling matuyo ang lupa kung taglay nito ang abonong organiko.
6. Pinabubuti ng abonong organiko ang daloy ng hangin at may kapasidad ang lupa na pumigil ng tubig.
7. Pinatataba ang lupa o nagiging maganda ang ani kapag may abonong organiko.
8. Ang pagdidilig sa *compost* ay ginagawa bawat oras.
9. Ang *compost* ay tinatakpan ng yero lamang.
10. Ang binunot na mga damong ligaw ay maaaring gawing *compost*.



Isaisip

Ano ang mga dapat mong tandaan sa araling ito? Ano-ano ang mga kahalagahan sa paggawa ng abonong organiko?

Para masagot ang mga tanong sa itaas, mabuting punan ang mga patlang sa talata. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Dahil sa paulit-ulit na pagtatanim maaaring maubos ang mga sustansiya sa lupa kaya dinadagdagan o nilalagyan ito ng (1) _____, upang mapalitan ang mga (2) _____. Pinalalambot ng abonong organiko ang lupa at pinabubuti ang daloy ng hangin at (3) _____.

Ito'y mahalaga sa paghahalaman sapagkat maaari nitong pagandahin ang (4) _____ ng lupa at patabain ang halaman nang walang gastos. Ang abonong organiko ay napatunayang (5) _____ sa pagpapalago ng mga pananim.



Isagawa

Paano mo maipakikita ang iyong natutuhan?

Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel kalakip sa modyul na ito.

- A. Ang mga sumusunod ay mga paraan sa paggawa ng *Fermented Fruit Juice* o *FFJ*. Gamit ang bilang 1-5, pagsunud-sunurin ang mga ito.

_____ Ipatong ang ikalawang kalahati ng prutas at patungan uli ng kalahating kilo ng *muscovado*.

_____ Maghintay mula pito hanggang ikalabing-apat (7-14) na araw na ma *ferment* bago gamitin.

_____ Maghiwa ng isang kilong prutas.

_____ Ilagay sa banga ang unang kalahati at patungan ng kalahating kilo ng *muscovado*.

_____ Takpan ng papel at talian. Ilagay ito sa lugar na malamig na hindi masisikatan ng araw.

- B. Kung kayo ay walang sapat na espasyo o lugar sa bakuran ng iyong bahay, ano ang maaari mong gawin para makagawa ng *compost*?



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti at piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik lamang at gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang kahalagahan sa paggawa ng abonong organiko?
 - A. Pinatataba nito ang halaman ng walang gastos.
 - B. Pinapaganda ang kapasidad ng lupa sa paghawak ng tubig.
 - C. Pinabubuti nito ang hilatsa ng lupa.
 - D. Lahat ng nabanggit ay tama.
2. Kung walang bakanteng lupa o espasyo sa bahay, ano ang maaaring gawin upang makagawa ng *compost*?
 - A. Eresaykel ang mga lumang gulong ng sasakyan sa pamamagitan ng pagpapatong-patong para magsilbing hukay ang mga ito.
 - B. Bumili ng lupa sa kapitbahay.
 - C. Gamitin ang batyang ginamit ng iyong nanay sa paglalaba.
 - D. Maghanap ng malaking kahon para gawing *compost*.
3. Ang mga sumusunod na pahayag ay nagsasaad ng mga pakinabang ng *Fermented Fruit Juice* o *FFJ* maliban sa isa. Alin dito?
 - A. Ito ay nagbibigay ng elementong *potassium (K)* para sa pagpapalaki ng bunga.
 - B. Ang *Fermented Fruit Juice* o *FFJ* ay nagbibigay ng karagdagang resistensiya sa tanim laban sa insekto.
 - C. Ang lupa at mga tanim ay pinatataba ng *Fermented Fruit Juice* o *FFJ*.
 - D. Pinapaiksi ng *Fermented Fruit Juice* o *FFJ* ang buhay ng mga pananim.
4. Alin sa mga sumusunod na mga hakbang sa paggawa ng abonong organiko ang unang dapat gawin?
 - A. Pagsama-samahin ang mga tuyong dahon, bulok na prutas, gulay, tira-tirang pagkain at iba pang nabubulok na mga bagay.
 - B. Araw-araw itong diligan. Lagyan ito ng kahit anong pantakip.
 - C. Gumawa ng hukay na may isang metro ang lalim.
 - D. Sa hukay ilagay o ilatag ang mga nabubulok na bagay hanggang sa umabot ito ng 12 pulgada o 30 sentemetro ang taas.
5. Bago gamitin ang mga nabulok na bagay tulad ng dahon, gulay, prutas, tirang pagkain at dumi ng hayop ay kailangang palipasin muna ang _____.
 - A. Dalawang araw
 - B. Dalawang linggo
 - C. Dalawang oras
 - D. Dalawang buwan

6. Upang maging pataba ang mga basura, ito ay pinabubulok muna sa isang lalagyan tulad ng *compost pit*. Ano ang tawag sa paraang ito?
- A. *Basket composting* C. *Intercropping*
 B. *Basket making* D. *Double digging*
7. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagsasaad ng kahalagahan sa paggamit ng abonong organiko?
- A. Ang paggamit ng abonong organiko ay nakapagbibigay ng sapat na ani at nakatutulong sa pagpapalago ng mga pananim.
 B. Dumarami ang mga insekto sa halamanan kung nilalagyan ng abonong organiko ang lupa.
 C. Tigang ang lupang nilalagyan ng abonong organiko.
 D. Nakadadagdag sa gawain ang paggawa ng abonong organiko.
8. Ano ang *basket composting*?
- A. Paraan ng paggawa ng basket na yari sa yantok.
 B. Paraan ng pagpapabulok ng mga basura sa isang lalagyan na tulad din ng *compost pit*.
 C. Paraan ng paglalagay ng mga halaman sa basket.
 D. Wala sa nabanggit.
9. Isa sa mga halimbawa ng abonong organiko ay tinatawag na *Fermented Fruit Juice o FFJ*. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang naglalarawan dito?
- A. Ito ay mula sa pinaghalong *muscovado sugar* o kalamay at hinog na mga prutas na hindi maasim.
 B. Ito ay mula sa mga nabubulok na dahon, tirang pagkain at dumi ng mga hayop.
 C. Ito ay mula sa pinaghalong paminta, asin at isda.
 D. Lahat ng nabanggit.
10. Sa anong paraan nagiging pataba o abonong organiko ang mga basura tulad ng dahon, balat ng gulay, prutas at mga tirang pagkain?
- A. Pagpapausok ng basura.
 B. Pagkakalat ng basura.
 C. Pagbubulok ng basura sa isang lalagyan.
 D. Paglilinis ng basura.



Karagdagang Gawain

Sa tulong ng iyong magulang o mga nakatatanda, maaaring magtanong o magsaliksik tungkol sa mga pag-iingat na dapat gawin sa paggawa ng abonong organiko. Huwag kalimutang magsuot ng *facemask* kung lalabas ng bahay at mag *observe* ng *safety health protocols*. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. d 2. b 3. c 4. d 5. d 6. c 7. d 8. b 9. a 10. a	Balikan 1. T 2. T 3. M 4. T 5. T	Pagymamin 1. ✓ 2. X 3. X 4. ✓ 5. X 6. ✓ 7. ✓ 8. X 9. X 10. ✓
---	--	---

Tuklasin 2 Ipunin ang mga natuyong dahon, nabulok na gulay, prutas, pagkain at mga tirang pagkain. 4 Ipatong dito ng mga dumi ng hayop. 6 Gawin ang pagtambak hanggang mapuno ang hukay. 8 Hintayin lumipas ang dalawang buwan o higit pa bago gamitinng pataba. 7 Araw-araw itong diligan. Takpan ito ng kahit anumang pantakip. 5 Patungan itong muli ng lupa o apog. 3 Sa hukay ilagay o ilatag ang mga nabubulok na bagay hanggang umabot ng 12 pulgada o 30 sentimetro ang taas. 1 Gumawa ng hukay na may isang metro ang lalim sa lugar na tuyo, patag at medyo malayo sa bahay.	Tayahin 1. d 2. a 3. d 4. c 5. d 6. a 7. a 8. b 9. a 10. c
---	---

Isaisip 1. abonong organiko 2. nawalang 3. kapasidad na sustansiya 4. hilata 5. epektibo
--

Isagawa A. 1, 3 2, 5 3, 1 4, 2 5, 4 B. Pagreresaykel ng lumang gulong ng sasakyan
--

Sanggunian

Teacher's Guide in Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5 (Agrikultura) p. 3

Curriculum Guide in Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5, EPP5AG-0b-4
pahina 19

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph